

KUNG NASURIANG POSITIBO SA COVID-19 ANG AKING ANAK

May mga sintomas ang aking anak na maaaring sanhi ng COVID-19. Kailangan ko bang i-test ang aking anak para sa SARS-CoV-2 bago siya makabalik sa eskuwela o pangangalaga para sa bata?

- **Hindi naman. Inirerekomenda ng ACPHD ang pagsusuri, ngunit hindi ito iniaatas, para sa mga batang may mga sintomas ng COVID-19.** Dapat kayong magpasya kung ipapasuri ang inyong anak pagkatapos makipag-usap sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Dapat piliin ng mga magulang ang opsyon sa ibaba na pinakamahusay para sa kanila at kanilang pamilya



Opsyon 1: Kailan maaaring bumalik ang aking anak sa paaralan/ child care kung hindi siya pinasuri?

Maaring bumalik ang inyong anak sa paaralan/ child care kapag ang LAHAT ng mga sumusunod ay totoo:

- Lumipas ang hindi bababa sa 10 araw simula nang mag-umpisang lumabas ang mga sintomas
- Walang lagnat ang bata ng hindi bababa sa 24 na oras, nang walang tulong ng gamot AT
- Bumuti ang mga sintomas ng bata.



MGA DEPINISYON:

- **Ang SARS-CoV-2 ay ang virus na nagdudulot ng COVID-19.**
- Ang Malapit na Pakikisalamuha ay nangangahulugang ang bata o estudyante ay nasa loob ng 6 na talampakan ng isang taong nagpositibo sa COVID-19 ng kabuuang 15 minuto o mas matagal pa, KAHIT NA parehong nagsusuot ng mask ang bata o estudyante at ang tao. Kabilang din ang mas maikling panahong umaabot sa 15 minuto sa parehong araw. Ang Malapit na Pakikisalamuha ay nangangahulugan din na ang bata o estudyante ay nagkaroon ng mas maikli ngunit malaking pagkahantad sa mga lumalabas mula sa respiratoryo ng taong positibo sa COVID-19. Halimbawa, umubo mismo ang taong may sakit sa bata o estudyante.
- Kabilang sa mga Sintomas ng COVID-19 lagnat/panginginig, ubo, pangangapos ng hininga o kahirapang huminga, pagod, pananakit ng kalamnan/katawan, panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng lalamunan, baradong ilong o tumutulong sipon, pagkaalibadbad o pagsusuka, at pagtatae.
- Ang isang Tagapagkaloob ng Pangangalagang Pangkalusugan (Healthcare Provider) ay isang Doktor (Doctor), Nurse Practitioner, o Sertipikadong Katulong ng Doktor (Certified Physician Assistant).



KUNG NASURIANG POSITIBO SA COVID-19 ANG AKING ANAK

Opsyon 2: Sinabi ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng aking anak na ang kanyang mga sintomas ay hindi nauugnay sa COVID-19. Kailangan pa rin bang ipasuri ang aking anak?

Hindi namam. Magpapasya ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung kailangang ipasuri ang inyong anak.

Maari siyang magsulat ng tala sa inyong paaralan/child care.
Aabisuhan ng tala mula sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan


- ang inyong paaralan/child care na ang mga sintomas ay hindi nauugnay sa COVID-19 at
- ipapaalam sa paaralan kung kailan ligtas na bumalik sa paaralan ang bata.



Opsyon 3: Hindi ko maaaring mapanatili sa bahay ang aking anak ng 10 araw, at walang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang aking anak (o hindi makapagpa-appointment). Ano ang dapat kong gawin?

Habang pinakamahasay na makipag-usap sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring magpasuri para sa COVID-19 ang inyong anak (pagsusuring molekular/PCR, hindi pagsusuring antigen) sa isa sa mga lugar ng pagsusuri ng ACPHD sa:

<https://covid19.acgov.org/testing.page>.



- Kung **negatibo** ang resulta mula sa pagsusuring molekular/PCR, ibigay ang resulta sa paaralan. Pagkatapos, maaaring pahintulutan ng paaralan/child care ang inyong anak na bumalik kapag mabuti na ang kanyang pakiramdam.
- Kung **positibo** ang resulta ng pagsusuri, dapat manatili sa bahay ang bata hanggang sa matugunan nila ang LAHAT ng pamantayan para tapusin ang pagbubukod ng sarili sa bahay:
 - Lumipas ang hindi bababa sa 10 araw simula nang mag-umpisang lumabas ang mga sintomas
 - Walang lagnat ang bata ng hindi bababa sa 24 na oras, nang walang tulong ng gamot AT
 - Bumuti ang mga sintomas ng bata.

Kung kailangan ng inyong anak ang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, narito ang mga mapagkukunang matatawagan:

- Family Health Line (Linyang Tatawagan para sa Kalusugan ng Pamilya) Numerong Tatawagan na Walang Bayad (Toll Free Number) **1-888-604-4636**
- Makakatulong sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa Programa para sa Kalusugan ng Bata at Pag-iwas sa Kapansanan (Child Health and Disability Prevention Program, CHDP) o Medi-Cal sa Alameda County
- Health Insurance Enrollment Assistance (Tulong sa Pagpapatala sa Segurong Pangkalusugan) Numerong Tatawagan na Walang Bayad (Toll Free Number) **1-800-422-9495**
- Makakatulong sa pag-apply para sa insurance na libre o nasa mababang halaga
- HealthPAC Numerong Tatawagan na Walang Bayad (Toll Free Number) **1-877-879-9633**
- Tumawag upang malaman kung kayo ay karapat-dapat

Iba pang mga mapagkukunan:

- CHDP Information Line (Linyang Tatawagan sa CHDP na Nagbibigay ng Impormasyon): **1.510.567.2070**:
- Ang website sa paghahanap ng mapagkukunan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mababang halaga sa Alameda County ay makikita sa <http://achealthcare.org>

